



PATNUBAY SA MISA



17 Agosto 2014

Ika-20 Linggo sa Karaniwang Panahon

Taong A

WALANG MALIW ANG PAG-IBIG NG DIYOS

*J*pinaalaala sa atin ng tema ng ika-20 Linggong ito sa Karaniwang Panahon at ng habag ni Hesus sa babaeng taga-Cananea sa Ebanghelyo ngayon na tunay na walang maliw ang pag-ibig ng Diyos. Siya ang Ama ng lahat ng tao. Kaya naman, magkakapatid tayong lahat. Ito ang pangunahing katotohanang batayan ng ikalawang dakilang kautusan at ng hamon sa ating magmahalan tuwina.

Kaya nga lamang, tila naaalaala natin ito kapag lamang panahon ng mga sakuna at mga biktima'y nanghihingi ng tulong. Kung paanong ang ating kapatirang panlahat ay isang katunayan sa bawat saglit, gayon din sana ang praktikal nitong pagpapatunay ng pagkakaisa, paggalang, at pagmamahal na mga katangian ng buong buhay natin. Nawa, sa pagdiriwang natin ng Eukaristiya ngayon, ang pag-ibig ng Diyos ay siya nating maging inspirasyon at pampasiglang magmahal sa ating kapwa sa lahat ng oras.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Hari namin ay basbasan 'pagka't siya'y 'yong hinirang. Kahit isang araw lamang kapag nasa iyong bahay daig ang sanlibong araw.

Pagbati

P –Ang pag-ibig at kapayapaan ng Diyos Ama, Panginoong Hesukristo, at Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B – At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P –Habang naghahanda tayo para sa pagdiriwang ng Eukaristiya, alalahanin natin ang ating ikinapaging di karapat-dapat dito, lalo na ang ating mga kapabayaang isabuhay ang mga kautusan ng pagmamahal na panlahat, gaya ng turo ni Kristo. *(Manahimik saglit.)*

P –Ipinakilala mo ang pag-ibig ng Diyos sa lahat ng tao, Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Naparito ka upang mapag-balik-loob ang lahat ng tao, Kristo, kaawaan mo kami!

B –Kristo, kaawaan mo kami!

P –Ipinagdarasal mo kami sa kanan ng Ama, Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B – Amen!

Papuri

B –Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarantal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bug-

tong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sa-pagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P –Ama naming makapangyarihan, lingid sa aming paningin ang mga inihanda mo para sa mga nagmamahal sa iyo. Padaluyin mo sa amin ang agos ng iyong pag-ibig upang sa pagmamahal namin sa iyo nang higit, makamtan namin ang iyong mga pangakong di malirip na hindi pa sumasagi sa isip namin o panaginip. Iniluluhog namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Isa 56:1,6-7

Layunin ng Diyos na tipunin ang lahat ng tao sa isang pamilya ng mga bansang “sumusunod sa tama at gumagawa ng marapat,” nagmamahal sa ngalan Niya, at sumasamba sa Kanya sa Kanyang Templo. Gayon ang dakilang planong binalangkas ng propetang si Isaias sa Unang Pagbasa ngayon.

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Ang sabi ng Panginoon sa kanyang bayan: “Ayon sa katarungan at laging matuwid ang inyong gagawin. Ang pagliligtas ko’y di na magluluwat, ito ay darating. Ito’y mahahayag sa inyong paningin.”

Ito naman ang sabi ng Panginoon sa mga dating dayuhan na ngayo’y kabilang sa kanyang bayan, buong pusong naglilingkod sa kanya, nangingilin sa Araw ng Pamamahinga, at matapat na nag-iingat sa kanyang tipan:

“Dadalhin ko kayo sa Sion, sa aking banal na bundok. Ipadarama ko sa inyo ang kagalakan sa aking Templo. Tatanggapin ko ang inyong mga handog, at ang Templo ko’y tatawaging bahay-dalanginan ng lahat ng bansa.”

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 66

B—Nawa’y magpuri sa iyo ang lahat ng mga tao!

R. M. Velez



* **O Diyos, pagpalain kami’t kahabagan, kami Panginoon’y iyong kawaan, upang sa daigdig mabatid ng lahat ang iyong kalooban at ang pagliligtas.** **B.**

* **Nawa’y purihin ka ng mga nilikha, pagka’t matuwid kang humatol sa madla; ikaw ang patnubay ng lahat ng bansa.** **B.**

* **Purihin ka nawa ng lahat ng tao, purihin ka nila sa lahat ng dako. Ang lahat sa ami’y iyong pinagpala, nawa’y igalang ka ng lahat ng bansa.** **B.**

Ikalawang Pagbasa Ro 11:13-15,29-32

Noong nakaraang Linggo, ipinagdamdam ni San Pablo ang di pagtanggap ng mga Israelita sa Ebanghelyo. Ngayon, iniisip niya ang kahulugan noon sa kabuuang plano ng Diyos, at ang katotohanang sa Kanyang habag, nais ng Diyos na maligtas ang lahat.

L—Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

Mga kapatid: Ito naman ang sasabihin ko sa inyo, mga Hentil. Yamang ako’y apostol ninyo, pina-ngangatawanan ko ang aking ministeryo upang mangimbulo ang mga kababayan ko, at sa gayo’y maligtas ang ilan sa kanila.

Kung naging daan ng pakikipagkasundo ng sanlibutan sa Diyos ang pagkakatakwil sa kanila, ang muling pagtanggap sa kanila’y para na ring pagbibigay-buhay sa patay.

Ang Diyos ay hindi nagbabago ng isip tungkol sa kanyang mga kaloob at pagtawag. Dati, masuwayin kayo sa Diyos, ngunit ngayo’y kinahahabagan sa panahon ng pagsuway ng mga Judio. Gayundin naman, sila’y naging masuwayin ngayong kayo’y kinahahabagan upang sila’y kahabagan din. Sapagkat hinayaan ng Diyos na maalipin ng kanilang kasalanan ang lahat ng tao upang maipadama sa kanila ang kanyang habag.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Aleluya Mt 4:23

B—Aleluya! Aleluya!
Ipinangal ni Hesus ang paghahari ng Diyos; sakit ay kanyang ginamot.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Mt 15:21-28

Bagamat si Hesus ang Tagapagligtas ng sangkatauhan, nakatuon ang kanyang misyon sa lupa sa mga Israelita. Paminsaminan, gaya ng makikita natin sa Ebanghelyo ngayon, may pagtaliwas din naman siya, at

sa gayo’y pinatutunayan niyang siya’y Tagapagligtas ng mga Judio at di man Judio.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, si Hesus ay nagpunta sa lupaing malapit sa Tiro at Sidon. Lumapit sa kanya ang isang Cananeang naninirahan doon at malakas na sinabi, “Panginoon, Anak ni David, mahabag po kayo sa akin! Ang anak kong babae ay inaalihan ng demonyo at masyadong pinahihirapan.” Ngunit gaputok ma’y di tumugon si Hesus.

At lumapit ang kanyang mga alagad at sinabi sa kanya, “Pagbigyan na nga po ninyo at nang umalis. Siya’y nag-iingat at susunud-sunod sa atin.” Sumagot si Hesus, “Sa mga tupang naliligaw ng sambahayan ng Israel lamang ako sinugo.”

Ngunit lumapit sa kanya ang babae, lumuhod sa harapan at ang sabi, “Tulongan po ninyo ako, Panginoon.” Sumagot si Hesus, “Hindi dapat kunin ang pagkain ng mga anak upang ihagis sa mga tuta.” “Tunay nga po, Panginoon,” tugon ng babae, “ngunit ang mga tuta man ay nagsisikain ng mumong nalalaglag sa hapag ng kanilang panginoon.” Kaya’t sinabi sa kanya ni Hesus, “Napakalaki ng iyong pananalig! Mangyayari ang hinihiling mo.” At noon di’y gumaling ang kanyang anak.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inililing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P –Tuwina tayong hinahamong magpakita ng pag-ibig ng Diyos sa lahat. Sa pagtatampok natin sa ganitong pag-ibig na panlahat bilang inspirasyon ng ating panalangin, dumulog tayo sa Ama nating lahat:

B –Panginoon, dinggin Mo kami!

* Para sa Simbahan, ang pamilya ng Diyos sa lupa: Nawa pahalagahan niya ang lahat ng kultura at maging bukas siya sa pagtanggap ng kanilang tulong sa ikadadalisay at ikasusulong nila sa dakilang kaalaman sa Ebanghelyo. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa Santo Papa, mga Obispo natin, at mga pinuno ng lahat ng relihiyong Kristiyano: Nawa maging masunurin sila sa Espiritu Santong namamatnubay sa lahat tungo sa ibayong pagkakaisa ng pananalig at pagkilos. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating mga pinunong pampamahalaan at lahat ng nanunungkulan: Nawa magpakatapat sila sa kanilang sinumpaang paglilingkod sa lahat ng mamamayan nang walang itinatangi. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga nangangasiwa at lumahok sa *Asian Youth Day*, na nagtatapos ngayon: Nawa matupad ang kanilang mga plano't mithiin para sa kabutihan ng Simbahan at ng buong mundo. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating mga pamayanan sa parokya at ating mga pamilya: Nawa pahalagahan natin ang paki-kipag-unawaan sa ating kapwa at pagsikapan nating makatulong sa mga nangangailangan, gaya ng halimbawa ni Hesus. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating sari-sariling kahilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

P –Panginoong Diyos, bigyan Mo kami ng mga pusong mapagmahal na tulad ng sa Iyo, upang matanggap at mahalin namin ang bawat isa bilang kapatid, sa kabila ng ano mang pagkakaiba nila sa amin. Ikaw na nabubuhay at naghahari nang walang hanggan. **B** –Amen!



P –Manalangin kayo . . .

B –Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P –Ama naming Lumikha, tanggapin mo ang mga alay upang maganap ang pagpapalitan ng iyong kaloob at ng aming handog sa aming paghahain na iyo na ring ibinigay para kami'y maging marapat na iyong paunlakan sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

Prepasyo IV

P –Ama naming makapangyarihan, tunay nang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesuskristo na aming Panginoon.

Siya ay naging kapwa naming maaasahan upang may mangu-nang umako sa pananagutan dahil hangad mong magbago ang kinamihasnang pagkakanya-kanya ng sangkatauhan. Bunga ng pagtitiis, siya ay nanaig at ang kamatayan ay kanyang nalupig kaya't siya ang aming Daan para aming masapit ang iyong tapat at maaasahang pag-ibig.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B –Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napu-

puno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinaggpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B –Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.



B –Ama namin . . .

P –Hinihiling namin . . .

B –Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B –Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin! (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayaan!

Paanyaya sa Pakikinaabang

P –Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B –Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinaabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ang pag-ibig na s'yang dulot ng Panginoong ating D'yos ay matatag lagi't lubos. Siya ay handang tumubos nang may kagandahang-loob.

Panalangin Pagkapakinabang

P –Ama naming mapagmahal, sa banal na pakikinaabang si Kristo ay aming pinagsaluhan. Hinihiling naming kami'y maging katulad niya sa langit pakundangan sa kanyang pagiging aming kaparis bilang Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

PAGWAWAKAS



P – Sumainyo ang Panginoon.
B – At sumaiyo rin!

P – Magsiyuko kayo at ipanalan-
gin ang pagpapala ng Diyos.
(*Manahimik saglit.*)
Puspusin nawa ng Panginoon
ang inyong mga puso ng

walang maliw na pagmamahal
sa lahat ng tao, na tulad ng sa
Kanya.

B – Amen!

P – Gawin Niya nawa kayong
mapagparaya at maunawain,
lalo na sa mga di-gasinong
pinagpala’t di nakapag-aral.

B – Amen!

P – Nawa puspusin Niya kayo ng
maraming tanda ng pagpapa-

halaga, pakikiisa, at pagmama-
hal saanman kayo naroroon.

B – Amen!

P – Pagpalain kayo ng makapang-
yarihang Diyos: Ama, Anak,
at Espiritu Santo.

B – Amen!

P – Humayo kayo sa kapayapaan
at maging kasangkapan ng
pagmamahal ni Kristo sa lahat!

B – Salamat sa Diyos!

ANG MASAKLAW NA PAG-IBIG NG DIYOS AT ANG PAG-IBIG NATIN

Ang Diyos ay “Ama” – Ama ng lahat ng tao. At Anais Niyang matamo nilang lahat ang Kanyang inilaan para sa kanila: buhay na walang hanggan sa piling Niya. (Sangguniin 1 Tim 2:4.) Kaya nga lamang, mapanirang tunay ang kasalanan sa kasaysayan ng tao. Ang plano ng Diyos para sa walang hanggang kaligayahan ay naging isang “*planong pangkaligtasan*,” at ang pagtupad sa Kanyang plano ay *kinailangang matupad nang payugtu-yugto*.

Sa “planong pangkaligtasan” ng Diyos, may isang pangkat sa gitna – ang mga Israelitang itinangi Niya nang gayon na lamang pagkat sa kanila magbubuhay ang Tagapagligtas ng sangkatauhan. *Ngunit ang pormal na alok ng kaligtasan sa lahat ng tao ay sa pamamagitan lamang ng Simbahang itinatatag ni Kristo at sa pamamatuubay ng Espiritu Santo.*

Gayunman, ang parehong *Espiritu Santo* ay patuloy na nakapangyayari maging sa mga pagano, at unti-unti itong *gumagabay sa kanilang maghangad ng kaligtasan buhat kay Kristo*. Sa mga paraang Siya lamang ang nakaaalam, ginagabayan ng Espiritu ang bawat indibiduwal at bawat bansa sa kasaysayan tungo sa katuparan ng Dakilang Plano. Sa mahiwagang ugnayan ng *kalayaan ng tao* at *banal na biyaya*, ng *mga pagkakamali ng tao* at ng *mapagligtas na pamamagitan ng Diyos*, nakikita natin ang *disenyo ng masaklaw na pag-ibig ng Diyos na likha ng dakilang Karunungan at pinatotohanan sa tamang oras*.

Pinatutunayan ng Ebanghelyo ngayon ang ganitong katotohanan sa madula nitong paglalalahad ng dakilang mensaheng mahal ng Diyos ang lahat. Walang sinumang di sinasaklaw ng Kanyang pagligtas, bagamat ang matibay nitong kaganapan ay maaaring magdaan sa mga “*yugtong*” iba sa ating inaasahan. Ngunit sa wakas, ang dakilang katotohanan ay magniningning: *para sa nagmamahal at nananalig sa Diyos, lahat ay magiging para sa kanilang kabutihan* – lahat, pati sakit at pagdurusa!

Ang mahigpit na pangangailangang naglapit sa

kanila sa Kanya ay maaaring ang pangangailangan nilang mapagaling sa isang malubhang karamdaman o pagsanib sa kanila ng masamang espiritu, gaya ng narinig natin sa Ebanghelyo ngayon. Ngunit ang tunay na naglapit sa kanila kay Hesus ay higit pa sa kanilang pangangailangan. Ito ang *PANANAMPALATAYA – isang matibay na pananalig na ang Diyos ay nakapangyayari kay Hesus ng Nazaret*, at maipagkakaloob niya ang kaligtasang kailangan nila.

Tunay ngang *ang mapagligtas na pag-ibig ng Diyos ay walang hangganan*, at ang pakumbaba’t matiyagang *pananalig ang “tulay” na nagpapaabot sa atin sa Kanya upang tayo’y maligtas ng Kanyang pag-ibig*. Gayunman, ang pag-ibig ng Diyos ay di lamang nagbubunga ng ating kaligtasan kundi humahamon din sa ating magmamahal sa gayon ding paraan. Ibig sabihi’y *tayo man ay marapat magmamahal sa lahat, at ang pagmamahal nati’y dapat ding para sa kanilang kaligtasang walang hanggan*.

Ang maparaang demonyo, na mahusay maghadlang sa ikatutupad ng plano ng Diyos, ay nakabubulag sa mga tao sa kanilang kapatiran at sa kanilang pagpapahayag ng kanilang pagmamahal. Kaya nga, sa gayon nakapagdudulot ng labis-labis na paghihirap sa ilang kultura ang labis na pagkamakabayan at lahat ng anyo ng kapusukan, pagmamalabis, o pagtatakwil sa kasaysayan.

Di ito ang ibig ng Diyos. Bilang mga disipulo ng Tagapagligtas ng lahat ng tao, tayo’y dapat maging handang magpatunay ng kanyang panlahat at praktikal na pagmamahal. Una sa lahat, *dapat nating paglabanan ang lahat ng tuksong akalain nating higit tayong mabuti sa iba, at ng tuksong gamitin natin ang kapwa para sa ating pansariling pakinabang. Dapat tayong magpakatatag sa pagiging “mga propeta ng panlahat na pag-ibig” sa mundong nabulag at nalason ng pagmamataas, kapalaluan, at pagkamuh*. Kaya nating maiba. Dapat tayong maiba, kahit na pagbayaran natin ito nang mahal.



WORD & LIFE
PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Sr. F. Santos, SMI, G. Ramos, R. Molomog, D. Daguio,

V. David, M. Navajas • Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: F. Edjan